Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
-143-

****

Sa puntong ito ay ibinalita ni Kag. Perez na ang "TASK Force" para sa kampanya ng pagbabayad ng buwis ay nagbuo na at nahaharap na sa pagsasanay bago lumabas ng tanggapan para sa kampanya ng pagbabayad ng buwis. Ito diumano ay malaki ang maitutulong upang mapalaki ang kita ng kabang bayan.

Ukol naman sa kahilingang palaan ni G. Batitis Pinunong Pambadget para sa "Maintenance ng Pubic Buildings" ay ipinaliwanag niya na ang palaan ay kinakailangan upang matustusan ang mga pangangailangan ng mga gusaling pampamahalaan tulad ng mga sirang ilaw sa pamilihan at sa bahay pamahalaan, mga panlinis sa mga gusali at iba pa.

Gayundin ay ipinaliwanag ni G. Jose Batitis, Electrician, na ang sira ng electricidad ng pamilihan ay malaking halaga ang aabutin. Matapos pa ang maikling pagpapaliwanag ay pinagtibay ang:

KAUTUSANG BAYAN BLG. LXII-'88
(Sa mungkahi ni Kag. Almodovar na pinangalawahan ni Kag. Tiongco)

ANG KAUTUSANG BAYAN
na nagtitibay ng paglalaan ng halagang WALONG LIBO APAT NA RAAN AT LIMAMPU'T TATLONG PISO (₱8,453.00) mula sa kabang bayan upang iukol sa "Maintenance of Public Buildings".

Ang palaan ay magmumula sa anumang aytem sa Taunang Palaan na maaaring iliwat.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punumbayan
Nanunungkulang Punumbayan

****

May kinalaman sa Himpilan ng Pulisya, ay malugod naibinalita ni Kag. Tiongco na ang himpilan ng Santa Rosa ang siyang napiling pinakamahusay na himpilan sa lalawigan ng Laguna para sa buwang ng Hulyo. Kaya't iminungkahi niya ang pagtitibay ng isang kapasiyahan ng Pagbati kay P/Capt Erasto Sanchez na buong pagkakaisang sinang-ayunan, kaya't ang:

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punumbayan

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

ADELO T. PEREZ
Kagawad

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

ANTONIO G. DUNGAO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

AVELINA R. GIRONELLA
Kagawad

ERIC T. PIBON
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad